



**2024 Pangkalahatang Halalan
Pamplet para sa Mga Botante ng
Deschutes County sa Wikang
Tagalog**



Minamahal na Botante ng Deschutes County:

Ito ang iyong Pamplet para sa mga Botante sa Pangkalahatang Halalan ngayong Nobyembre 5, 2024 na ibinibigay ng Tanggapan ng Kawani ng Deschutes County (Deschutes County Clerk's Office). Naglalaman ito ng impormasyon tungkol sa mga kandidato at mga panukalang-batas mula sa mga lokal na hurisdiksyon sa loob ng mga hangganan ng Deschutes County.

Naglalaman ang pamplet na ito ng mga panukalang-batas sa balota at mga pagpapaliwanag na pahayag na dinisenyo para magbigay ng walang kinikilingang impormasyon. Naglalaman din ito ng mga bayad na pangangatwiran para sa o laban sa ilang partikular na panukalang-batas. Maaari ding magbayad ang mga kandidato para maglagay ng pahayag sa pamplet.

Ipapadala sa koreo ang mga balota sa Miyerkules, Oktubre 16, 2024, sa bawat rehistradong botante. Narito ang ilang bagay na dapat mong malaman:

- ◆ **Ipadala** ang iyong binotohang balota sa pamamagitan ng sobrang ibabalik na may marka sa pagbayad ng koreo o **ihulog ito** sa isang opisyal na lokasyon para sa pagsumite ng balota nang hindi lalampas sa **8:00 p.m., Martes, Nobyembre 5, 2024**. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service, USPS) pagsapit ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan at nakuha ng Tanggapan ng Kawani pagsapit ng Martes, Nobyembre 12, 2024 ay tatanggapin. Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota.
- ◆ Magbubukas ang mga lugar ng drop box sa Biyernes, Oktubre 18. Tingnan ang pahina ng *Mga Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota* sa pamplet para sa higit na mga detalye.
- ◆ Makikita ang mga pangalan ng kandidato sa iyong balota nang hindi alpabetikong magkakasunod. Alinsunod sa ORS 254.155, ang sapalarang pagkakasunod-sunod ng mga letra ay isinasagawa bago ng halalan.
- ◆ Hindi lahat ng kandidato o panukalang-batas sa Pamplet na ito para sa mga Botante ay makikita sa iyong balota. Tinutukoy ng iyong address ng tirahan ang mga distrito kung saan maaari kang bumoto. Ang iyong opisyal na balota ay maglalaman lang ng mga isyu na kung saan kwalipikado kang bumoto, batay sa kung saan ka nakatira.
- ◆ Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng impormasyon para sa Pamplet ng mga Botante, kaya maaaring may mga kandidato ka sa iyong balota na wala sa Pamplet ng mga Botante.

- ◆ Ang Pamplet na ito para sa mga Botante ay makikita online sa www.deschutescounty.gov/elections. Pagkalipas ng 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan, ang mga paunang resulta ng halalan ay ipo-post online sa www.deschutescounty.gov/ElectionResults.
- ◆ Kung inihatid ang balota sa iyong tirahan para sa isang tao na hindi na dapat nakatatanggap ng balota sa iyong address, pakisulat ang “RETURN” (PAGBALIK) sa sobre at ibalik ito sa iyong mailbox.
- ◆ Ang lagda sa bawat sobre para sa pagbalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa lagda ng botanteng nasa file. Kailangang magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong lagda, paki-update ang iyong rehistrasyon ng botante.

Impormasyon sa Pagboto

Pag-rehistro para Makaboto

Upang maging kwalipikadong bumoto sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 5, 2024, kailangang mamarkahan ng koreo ang isang nakumpletong kard ng rehistrasyon ng botante pagdating ng [Tuesday, October 15, 2024.]

Upang mag-rehistro para makaboto sa Oregon, ikaw dapat ay:

1. Isang residente ng Oregon.
2. Isang mamamayan ng Estados Unidos.
3. Hindi bababa sa 18 taong gulang pagdating ng araw ng halalan

Kailangan mong i-update ang iyong rehistrasyon kung:

1. Nagbago ang iyong address ng tirahan o address para sa koreo.
2. Nagbago ang iyong pangalan.
3. Nais mong baguhin ang iyong kaalyadong partido.

Mahalagang Tandaan: Kung lumipat ka o nagbago ang iyong pangalan at hindi mo pa na-update ang iyong rehistrasyon, kwalipikado ka pa ring bumoto. Tawagan ang Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547 para sa higit na impormasyon.

Mga botante na may kapansanan:

Kung kailangan mo ng tulong sa pagboto o pagsumite ng iyong balota, tawagan ang Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547. Maglalaan kami ng dalawang tauhan para tulungan ka sa pagboto. Maaari mo ring awtorisahan ang isang kaibigan, miyembro ng pamilya, o iba pang pinagkakatiwalaang tao, na hindi kasapi sa iyong tagapag-empleyo o unyon, na tulungan ka.

May magagamit na audio edition ng Pamplet para sa mga Botante. Upang umorder, makipag-ugnayan sa Independent Living Resources sa (503) 232-7411 o TTY (503) 232-8408.

Mga Tagubilin sa Pagboto

Maglalaman ang iyong Pakete ng Balota ng hindi bababa sa mga sumusunod na bagay:

- Nakaimprentang balota
- Sobrang ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo, na kailangang lagdaan
- Nakasingit na polyeto tungkol sa sumusunod:
 - Hindi na ginagamit ng Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections) ang opsyonal na asul na papel na lagayan para sa paglihim ng balota. Ang sobre para sa pagbalik ng balota ay may nakalimbag na security

weave sa loob na nagpoprotekta sa iyong pagkapribado at paglihim ng iyong boto.

Suriin ang iyong opisyal na balota at bumoto gamit ito:

Suriin ang iyong opisyal na balota at hanapin ang bibilugan para sa kandidato o panukalang-batas na iyong napili para sa bawat labanan. Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng iyong napili gamit ang panulat (itim o asul na tinta). Huwag gumamit ng felt tip pen.

Suriin ang iyong balota:

Tiyaking namarkahan mo nang tama ang iyong napili para sa bawat labanan. Ang iyong opisyal na balota ay maaring maglaman ng mga labanang nakalathala sa magkabilang pahina ng iyong balota.

Maghandang ibalik ang iyong balota:

Ilagay ang iyong balota sa sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo. Titiyakin ng tauhan ng halalan ang paglihim ng iyong balota. Basahin ang pahayag ng botante sa sobreng ibabalik at lumagda sa kahon para sa lagda.

Paglagda ng iyong sobre para sa pagbalik ng balota:

Hindi bibilangin ang iyong balota kung hindi nilagdaan ang sobreng ibinalik. Ang bawat lagda ay kinukumpara sa lagda sa rehistrasyon na nasa file at kailangang tumugma ang lagda para mabilang ang balota.

Ibalik ang iyong balota:

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota. Hindi kailangan ng selyo. Ipadala ang iyong binotohang balota nang hindi lalampas sa Martes, Nobyembre 5, 2024.
- **Saanmang opisyal na lugar ng drop box:** Ihatid ang nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota sa isang opisyal na lugar ng drop box nang hindi lalampas sa 8 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.

Tandaan, suriin ang magkabilang pahina ng iyong balota. Ang ilang balota ay maaaring may mga labanan / panukalang-batas sa magkabilang pahina.

Makipag-ugnay sa:

Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections)

(541) 388-6547 [Deschutescounty.gov/elections](https://deschutescounty.gov/elections)

1 (866) ORE-VOTES (se habla Español)

www.oregonvotes.gov

TTY 1 (800) 735-2900

Paano Isumite ang Iyong Boto

1. Kumpletuhin ang iyong balota

- Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng iyong napili gamit ang panulat (itim o asul na tinta). Huwag gumamit ng felt tip pen.
- Upang bumoto sa isang taong wala sa balota, punan ang bilog sa tabi ng linya para sa "write-in" (pagsasama ng pangalan), pagkatapos ay maayos na isulat ang pangalan ng tao sa inilaang linya. Huwag isulat ang pangalan ng kandidato na nakikita na sa balota.
- Hindi mo kailangang botohan ang lahat ng labanan. Bibilangin pa rin ang mga iboboto mo.

2. Suriin kung may mga mali

- Kung bumoto ka nang higit sa mga opsyon na pinahihintulutan, ang iyong boto **ay hindi mabibilang** para sa labanang iyon.
- Kung nagkamali ka sa iyong balota, maaari mong gawin ang iyong mga pagbabago sa balota. Guhitan ng linya ang buong pangalan ng kandidato o tugon sa panukalang-batas. Pagkatapos ay maaari kang pumili ng iba.
- Makipag-ugnayan sa Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547 para humiling ng pamalit na balota kung:
 - nagkamali ka na hindi mo maaaring itama
 - ang iyong balota ay nasira o namarkahan nang hindi tama
 - nawala ang balota mo

3. Ipasok ang balota at lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota

- Ipasok lamang ang iyong binotohang balota (hindi ang balota ng ibang tao) sa loob ng iyong sobre para sa pagbalik ng balota. *(Kung makatanggap kami ng isang sobre na may higit sa isang balota sa loob, ang lahat ng nakapaloob na balota ay tatanggihan at hindi mabibilang).*
- Kailangan mong lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota, kung hindi ay **hindi mabibilang ang iyong boto**.
- Ang lagda sa bawat sobre para sa pagbalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa lagda ng botanteng nasa file. Kailangang magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong lagda, paki-update ang iyong rehistrasyon bilang botante.

4. Ibalik ang iyong balota

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota. Hindi kailangan ng bayad sa koreo. Ipadala ang iyong binotohang balota nang hindi lalampas sa Martes, Nobyembre 5, 2024. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service, USPS)

pagsapit ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan at nakuha ng tanggapan ng Kawani pagsapit ng Martes, Nobyembre 12, 2024 ay tatanggapin.

- **Saanmang opisyal na lugar ng drop box:** Ihatid ang nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota sa isang opisyal na lugar ng drop box nang hindi lalampas sa 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.

Mga Opisyal na Lokasyon para sa Pagsumite ng Balota

Ihulog ang iyong balota sa isang opisyal na lokasyon para sa pagsumite ng balota nang hindi lalampas sa **8 p.m., Martes, Nobyembre 5, 2024**. Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre ng balota.

Mga Oras na Bukas ang Lugar ng Drop Box:

Magbubukas: Magbubukas sa Biyernes, Oktubre 18

Magsasara: Araw ng Halalan, Martes, Nobyembre 5, 2024, ng **8 p.m.**

Mga Lokasyon para sa Pagsumite ng Balota:

Bend

Sentro para sa Mga Serbisyo ng Deschutes (Deschutes Services Center)

1300 NW Wall St, Bend

(Walk-up at Drive-through, Panlabas na Drop Box na matatagpuan sa kanlurang bahagi ng gusali)

Kagawaran ng Lansangang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Road Department)

61150 SE 27th St, Bend

(Matatagpuan sa dulong timog ng parking lot)

Old Mill

459 SW Bluff Dr, Bend

(Ang box ay matatagpuan sa umbok sa itaas ng Distrito ng Old Mill (Old Mill District) sa parking lot sa timog ng Hilton Garden Inn hotel)

Bradbury Park & Ride

1000 SW Bradbury Way, Bend

(Ang box ay matatagpuan sa tapat ng Park & Rec Pavilion malapit sa Simpson at Columbia)

Liwasang-bayan ng Pine (Pine Nursery Park)

3750 NE Purcell Blvd, Bend

Bukas sa karaniwang oras ng negosyo ng parke (Silangang dulo ng parking lot)

Redmond

Sentro ng Eksibisyong Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Expo Center) (Mga Panlabas na Lugar ng Eksibisyon)

3800 SW Airport Way, Redmond

(Matatagpuan sa rotunda sa silangang dulo ng parking lot)

Parking lot sa tapat ng Liwasang Sentenaryo (Centennial Park) (Pansamantalang inilipat mula sa Aklatan ng Redmond (Redmond Library))

716 SW Evergreen, Redmond

(Matatagpuan ang box sa dulong hilaga ng parking lot)

La Pine

Pamublikong Aklatan ng La Pine (La Pine Public Library)

(Bukas habang may konstruksiyon)

16425 1st St, La Pine

(Matatagpuan ang box sa 1st St at Huntington Rd)

Sisters

Munisipyo ng Sisters (Sisters City Hall)

520 E Cascade Ave, Sisters

(Matatagpuan ang box sa harap ng Munisipyo)

Sunriver

Pamublikong Aklatan ng Sunriver (Sunriver Public Library)

56855 Venture Ln, Sunriver

(pansamantalang nakasara dahil sa konstruksiyon) Hinihikayat ang mga botante na gumamit ng koreo o mga alternatibong Lokasyon para sa Pagsumite ng Balota.

Tandaan: Ang Drop Box ng Balota sa Aklatan ng Redmond (Redmond Library) ay Pansamantalang Inilipat sa Parking Lot sa SW Evergreen Ave at SW 7th St, Redmond

Kasalukuyang ginagawa ang Aklatan ng Redmond (Redmond Library) hanggang sa inaasahang petsa ng pagkumpleto sa Disyembre 2024. Ipapaskil ang karatula na magdidirekta sa mga botante na pumasok sa parking lot sa SW 7th St at lumabas sa SW Forest Ave.

-- O --

Ipadala ang iyong binotohang balota sa sobrang ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo nang hindi lalampas sa **8 p.m., Martes, Nobyembre 5, 2024**. Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre ng balota. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service, USPS) pagsapit ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan at nakuha ng tanggapan ng Kawani pagsapit ng Martes, Nobyembre 12, 2024 ay tatanggapin.

County Clerk's Office, 1300 NW Wall St, Suite 202, Bend
Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 5 pm | Araw ng Halalan, 7 am
hanggang 8 pm

— Mayroong mga Nakalaang Booth para sa Pagboto —

Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections): 2024 "I Voted" Sticker Contest

Nagwakas ang paligsahan sa pagdisenyo ng sticker para sa middle hanggang high school (6-12) noong Hunyo 30, 2024. 6 na estudyante mula sa 6 na paaralan ang nagsumite ng mga entry. Salamat sa inyo mga estudyante mula sa Cascade Middle School, High Desert Middle School, Mountain View High School, Sisters High School, Sky View Middle School, at Trinity Lutheran School para sa inyong mga malikhaing disenyo.

Binabati namin si Eli Hogan, isang senior mula sa Mountain View High School. Maaaring makuha ang sticker na "I Voted" ni Eli sa ating opisina at mga munisipyo mula Oktubre 18, 2024 hanggang sa Araw ng Halalan. Salamat sa lahat ng ating mag-aaral na lumahok sa "I Voted" Sticker Contest ngayong taon. Para makita ang lahat ng entry ngayong taon, puntahan ang www.deschutescounty.gov/artcontest.

Panukalang-Batas 9-173 – Deschutes County

Palawakin ang Komisyong Pang-county mula tatlo hanggang limang miyembro.

Tanong: Dapat bang palawakin ang Komisyong Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Commission) para magkaroon ng limang miyembro?

Buod: Ang hinalal na lupong tagapamahala ng Deschutes County, ang Lupon ng mga Komisionado ng Deschutes County (Deschutes County Board of Commissioners), ay kasalukuyang binubuo ng tatlong hinalal na miyembro.

Itong panukalang-batas sa balota, kung maaprubahan ng mga manghahalal, ay magpapalawak sa Lupon ng mga Komisionado para magkaroon ng limang hinalal na miyembro.

Bukod pa rito, kung maaaprubahan, itong panukalang-batas sa balota ay magtatakda ng iskedyul para sa halalan ng mga Komisionado upang maging sabay sa mga yugto ng halalang Pampanguluhan. Sa kasalukuyan, isa sa tatlong miyembro ang inihalal sa mga taon ng halalang Pampanguluhan. Ang dalawang bagong posisyon na idinagdag sa Komisyon ay pupunan sa pamamagitan ng halalan sa susunod na tukol na taon ng halalan (2026) para sa mga unang termino na dalawang taon. Sa 2028, tatlong posisyon sa Komisyon ang makikita sa balota sa ilalim ng mga tuntunin ng panukalang-batas na ito at maglilingkod ang mga hinalal sa loob ng apat na taong termino ng panunungkulan pagkatapos nito. Ang dalawang bagong posisyon ay maaaring hindi mapunan sa pamamagitan ng pag-atas bago mag-Enero 6, 2027.

Ang mga probisyon nitong panukalang-batas sa balota ay maaaring amyendahan lamang ng nakararaming boto ng mga manghahalal ng Deschutes County.

Pagpapaliwanag na Pahayag

Ang hinalal na lupong tagapamahala ng Deschutes County, ang Lupon ng mga Komisionado ng Deschutes County (Deschutes County Board of Commissioners), ay kasalukuyang binubuo ng tatlong hinalal na miyembro.

Kung maaprubahan ng mga botante (botong "Yes" (Oo)), palalawakin nitong panukalang-batas sa balota ang Lupon ng mga Komisionado para magkaroon ng limang hinalal na miyembro.

Bukod pa rito, kung maaaprubahan, itong panukalang-batas sa balota ay magtatakda ng iskedyul para sa halalan ng mga Komisionado upang maging sabay sa mga yugto

ng halalang Pampanguluhan. Sa kasalukuyan, isa sa tatlong miyembro ang inihalal sa mga taon ng halalang Pampanguluhan. Ang dalawang bagong posisyon na idinagdag sa Komisyon ay pupunan sa pamamagitan ng halalan sa susunod na tukul na taon ng halalan (2026) para sa mga unang termino na dalawang taon.

Higit pa rito, tatlong posisyon sa Komisyon ang makikita sa balota sa 2028 sa ilalim ng mga tuntunin ng panukalang-batas na ito at ang mga hinalal ay magsisilbi sa loob ng apat na taong termino ng panunungkulan pagkatapos nito kung maaaprubahan itong panukalang-batas. Ang dalawang bagong posisyon ay hindi mapupunan sa pamamagitan ng pag-atas bago mag-Enero 6, 2027.

Kung hindi maaprubahan (botong “No” (Hindi)) itong panukalang-batas sa balota, mananatiling isang hinalal na lupong tagapamahala na may tatlong miyembro ang Lupon ng mga Komisyonado ng Deschutes County (Deschutes County Board of Commissioners).

Ang mga probisyon nitong panukalang-batas sa balota ay maaaring amyendahan lamang ng nakararaming boto ng mga manghahalal ng Deschutes County.

Ipatutupad ang panukalang-batas na ito simula 2026 sa panahon ng paghahain ng kandidatura para sa mga bakanteng posisyon sa Komisyon simula Setyembre ng 2025.

Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Stephen Gunnels, Tanggapan ng Abugado ng Distrito ng County ng Deschutes (Deschutes County District Attorney’s Office)

Panukalang-Batas 9-174 – Distrito ng Paaralang Redmond #2J (Redmond School District #2J)

MGA BOND PARA PAIGTINGIN ANG KALIGTASAN; AYUSIN ANG MGA PAARALAN; PALAWAKIN ANG MGA PASILIDAD PARA SA PAGSASANAY NA BOKASYONAL

Tanong: Dapat bang paigtingin ng Distrito ang kaligtasan, ayusin ang mga paaralan, palawakin ang mga pasilidad para sa pagsasanay na bokasyonal; mag-isyu ng \$97,700,000 mga bond; na tinatayang mapapanatili sa kasalukuyang antas ng buwis? Kung maaprubahan ang mga Bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

Buod:

Tinatayang mapapanatili sa kasalukuyang antas ng buwis.

Kinakatawan ang ikalawang yugto ng programa sa pagapagawa na may dalawang bahagi upang magsagawa ng pangmatagalang pag-aayos at pagbutihin ang mga oportunidad para sa mga mag-aaral sa Distrito ng Paaralang Redmond (Redmond School District).

Tutustusan ng mga bond ang mga malalaking, pangmatagalang proyekto (capital projects), kabilang ang:

- **Pagpapabuti ng Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad:**
 - Pagbabakod na panseguridad
 - Ligtas na pagpasok sa Ridgeview High School
 - Mga pagpapabuti ng kalidad ng hangin
 - Pagbabawas ng asbestos
 - Mga sistemang pangkaligtasan sa sunog
- **Pangangalaga ng mga Pasilidad at Pagpapababa ng mga Gastusin sa Mga Pag-aayos sa mga Gusali sa Buong Distrito:**
 - Palitan ang mga bubong, tubo ng tubig, sahig
 - I-update ang mga sistema ng kuryente, pagpapainit, bentilasyon/pagpapalamig
 - Maglagay ng mga ilaw na matipid sa kuryente at mga bintana
 - Maglagay ng hardin na kayang mabuhay kahit tagtuyot

- **Kritikal na mga Pag-aayos, Pagpapalawak ng CTE sa Redmond High School:**
 - Palitan ang 50 taong mga tubo sa sistema ng pagpapainit na nanganganib masira sa loob ng 5 taon
 - Palawakin at baguhin ang mga espasyo para sa pagsasanay na bokasyonal at mga gawaing extracurricular
- **Palawakin ang Paaralang Pangkomunidad ng Tumalo (Tumalo Community School) para makabalik sa paaralang K-8**
 - Demolisyon, mga kasangkapan, kagamitan; mga gastos sa pag-isyu ng bond

Ipinagpapatuloy ang komite sa pangangasiwa ng bond ng komunidad

Maaaring mag-isyu ng serye ng mga bond sa loob ng maraming taon, ang bawat serye ay magma-mature sa loob ng panahong hindi lalampas sa 21 taon mula sa pag-isyu.

Pagpapaliwanag na Pahayag

Nagmumula ang 7100 mag-aaral ng Distrito ng Paaralang Redmond (Redmond School District RSD) sa isang 550 square miles na lugar na kinabibilangan ng Lungsod ng Redmond at mga komunidad ng Alfalfa, Crooked River Ranch, Eagle Crest, Terrebonne at Tumalo. Pinamamahalaan ng distrito ang 13 mga gusali ng paaralan na naglilingkod sa mga mag-aaral sa kindergarten hanggang high school.

Pagpapatuloy sa Pamumuhunan ng ating Komunidad sa Ating Mga Paaralan

Kinakatawan ng bond na ito ang ikalawang yugto ng programa sa pagapagawa na may dalawang bahagi na idinisenyo upang tugunan ang patuloy na mga kinakailangang pag-aayos, modernisasyon at pag-upgrade ng mga pasilidad sa Distrito ng Paaralang Redmond (Redmond School District) habang pinapanatili ang mga kasalukuyang antas ng buwis.

Inaasahang Pananatilihin ang 2024 na Antas ng Buwis: Kung maaprubahan, ang iminungkahing \$97.7 milyong bond ay tinatayang hindi magtataas sa mga antas ng buwis sa ari-arian nang higit sa antas ng 2024 dahil ang mga Pangkalahatang bond sa Obligasyon ng RSD noong 2004 ay nag-mature noong Hunyo 15, 2024 at magtatapos ang kaugnay na ipinataw na buwis.

Nahaharap sa mga Hamon ang Mga Paaralan sa RSD

- **Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad:** Maraming pasukan sa Ridgeview High School na nagdudulot ng mga pagkabahala hinggil sa seguridad; naluluma na ang mga sistemang pangkaligtasan sa sunog sa buong Distrito; maraming paaralan ang nangangailangan ng pagbabakod na panseguridad para mapaingting ang kaligtasan ng mga mag-aaral.
- **Mga Nalulumang Gusali:** Ang katamtamang edad ng mga gusali sa RSD ay 50 taon. Bagama't napanatili nang maayos, marami sa mga gusaling ito ang mayroong mga orihinal na sistema ng gusali na naabot na ang hangganan ng paggamit ng mga ito. Kailangang ayusin at palitan ang mga sistema sa kuryente, bentilasyon, pagpapainit at pagpapalamig, mga bubong, sahig, bintana, bangketa at tubo ng tubig sa buong distrito.
- **Mga Kinakailangang Kritikal na Pag-aayos sa Redmond High School:** Napag-alaman ng mga espesyalistang kinuha ng RSD na ang bubong at 50 taong mga tubo para sa pagpapainit ng tubig sa Redmond High School ay inaasahang makararanas ng isang matinding problema sa darating na limang taon na inaasahang magdudulot ng pagbaha at pagkakalantad sa nakakalason na asbestos, na magresresulta sa pagsara ng paaralan.

2024 na Kahilingan hinggil sa Bono

Ang RSD, sa pakikipagtulungan ng komunidad, ay bumuo ng isang rekomendasyon upang humiling ng bond para sa paggasta ng paaralan sa konstruksiyon, na kung maipasa, ay:

- **Mapabubuti ang Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad:**
 - Makagagawa ng isang ligtas na pasukan sa Ridgeview High School
 - Mga pagpapabuti ng kalidad ng hangin
 - Pagbabawas ng asbestos
 - Mga sistemang pangkaligtasan sa sunog
- **Mapangangalagaan ang mga Pasilidad at Pag-aayos sa mga Gusali sa Buong Distrito:**
 - Palitan ang mga bubong, tubo ng tubig, sahig at panlabas na bahagi ng estruktura

- I-update ang mga sistema ng kuryente, pagpapainit, bentilasyon/pagpapalamig
- **Pagbutihin ang Pagtitipid ng Kuryente, Bawasan ang Mga Gastusin sa Pagpapatakbo:**
Makatitipid ng libu-libong dolyar sa taunang gastusin para sa pagpapanatili at pagpapatakbo ang mga proyekto sa buong distrito na matipid sa kuryente, kabilang dito ang pagpapalit ng mga luma, di-epektibo, matrabahong sistema sa pagpapainit at bentilasyon, paglalagay ng mga ilaw na LED at mga bagong bintana at paglikha ng hardin na matipid sa tubig at mga panlabas na lugar.
- **Kritikal na mga Pag-aayos, Pagpapalawak ng CTE sa Redmond High School:**
 - Palitan ang 50 taong mga tubo sa sistema ng pagpapainit na nanganganib masira sa loob ng 5 taon
 - Palawakin at ayusin ang espasyo para sa pagsasanay na bokasyonal, isports at teatro
- **Palawakin ang Paaralang Pangkomunidad ng Tumalo (Tumalo Community School) para makabalik sa paaralang K-8**

Pangangasiwa at Pananagutan ng Mamamayan

Noong 2020, nagtatag ang RSD ng isang independiyenteng Komite sa Pangangasiwa ng Bond na pinamumunuan ng mamamayan na nangangasiwa sa paggamit ng mga pondo. Magpapatuloy ang komite sa pangangasiwa bilang bahagi ng pag-apruba sa panukalang-batas na ito. Titiyakin ng komite na ang mga kita sa bond ay ginagamit lamang sa mga layuning naaayon sa programa sa bond at batas ng estado na naaprubahan ng botante.

Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Charan Cline Ed. D., Superintendente, Distrito ng Paaralang Redmond (Redmond School District)

Panukalang-Batas 9-175 – Pandistritong Parke at Libangan sa Lugar ng Redmond (Redmond Area Park and Recreation District)

Limang Taong Lokal na Opsyon na Singil sa Buwis para sa Pagpapatakbo ng Parke at Libangan

Tanong: Dapat bang magpataw ang Distrito ng \$0.21 kada \$1000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon para sa mga operasyon simula 2025-2026? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang higit tatlong porsyento.

Buod: Ang panukalang-batas, kung maaprubahan, ay magbibigay pahintulot sa Pandistritong Parke at Libangan sa Lugar ng Redmond (Redmond Area Park and Recreation District) na magpataw ng mga buwis upang suportahan ang mga taunang gastos sa operasyon ng mga bago at kasalukuyang serbisyo, suportahan ang pagpapatakbo ng mga pasilidad ng Distrito, at palawakin ang mga programa para sa mga mamamayan ng Distrito. Ang panukalang-batas ay maglalabas ng lokal na opsyon na singil sa buwis para sa pagpapatakbo sa presyong hindi lalampas sa \$0.21 kada \$1000 ng nabubuwisang tinasang halaga sa Distrito sa loob ng limang taon, simula Hulyo 1, 2025. Makakalikom ang iminungkahing halaga ng humigit-kumulang \$1,181,977 sa 2025-26; \$1,217,991 sa 2026-27; \$1,255,086 sa 2027-28; \$1,293,293 sa 2028-29; at \$1,332,647 sa 2029-30 na may kabuuang \$6,280,995.

Pagpapaliwanag na Pahayag

Ang Pandistritong Parke at Libangan sa Lugar ng Redmond (Redmond Area Park and Recreation District RAPRD) ay may inilaang mga pasilidad na parke at panlibangan at mga aktibidad para sa mga residenteng nasa mas malaking komunidad ng Redmond, Oregon. Pinamamahalaan ng Distrito ang ilang mga pasilidad, kabilang ang Cascade Swim Center, Pleasant Ridge Community Hall, at High Desert Sports Complex, at pinangangasiwaan ang mga hindi pa natatayang lupa para sa parke na nakalaang gamitin para panlibangan sa hinaharap.

Nag-aalok ang RAPRD ng maraming uri ng programang panlibangan para sa iba't ibang grupo batay sa edad at interes. Kabilang dito ang mga liga ng isports para sa kabataan at nasa hustong gulang, mga STEM na programa, mga klase sa pagluluto at sining, mga pagtuturo ng paglangoy, sports camp, at programang pangkalusugan.

Noong Nobyembre 2022, inaprubahan ng mga botante ang isang panukalang-batas sa pangkalahatang bond sa obligasyon upang pondohan ang pagtatayo ng isang bagong sentrong panlibangan ng komunidad; gayunpaman, hindi pumasa sa parehong balota ang isang lokal na opsyon na singil sa buwis. Ang bagong pasilidad, na kasalukuyang itinatayo, ay idinisenyo upang suportahan ang mga aktibidad na panlibangan, pangkalusugan, panggamot (therapeutic), at akwatiko para sa lahat ng edad. Kabilang sa mga planadong tampok ang isang lap pool na may 8 lane, pool na panlibangan, mga silid-aralan para sa panggrupong ehersisyo, kagamitang pang-cardio at timbang, at himnasyong may basketball, volleyball, at pickleball. Kasama rin sa sentro ang isang walking track sa palibot ng himnasyo at mga silid na maraming mapaggagamitan para sa iba't ibang aktibidad at kaganapan.

Pangunahing pinopondohan ang mga operasyon ng Distrito sa pamamagitan ng permanenteng antas ng buwis na \$0.3717 kada \$1000 ng nabubuwisang tinasang halaga. Bagama't ang presyong ito ay dati nang sapat, kulang ito para tustusan ang mga gastusin sa pagpapatakbo ng bago at mas malaking pasilidad kasama ang mga dati pa. Upang matugunan ang kakulangang ito, iminumungkahi ng RAPRD ang isang lokal na opsyon na singil sa buwis sa presyong hindi lalampas sa \$0.21 kada \$1000 ng tinasang halaga. Kung maaprubahan ng mga botante, ang ipapataw na buwis na ito ay magsisimula sa Hulyo 1, 2025, at magpapatuloy sa loob ng limang taon. Makatutulong ang karagdagang kita para pondohan ang pagpapatakbo ng bagong sentrong panlibangan ng komunidad.

Para sa isang bahay na may Nabubuwisang Tinasang Halaga (Taxable Assessed Value TAV) na \$250,000, ang tinatayang taunang gastos ay \$52.50 kada taon, o \$4.38 kada buwan. Ang pormula para kalkulahin ang indibidwal na epekto ay: $TAV \times 0.00021 = \text{Taunang Buwis}$

Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Katie Hammer, Executive Director, Pandistritong Parke at Libangan sa Lugar ng Redmond (Redmond Area Park and Recreation District)

Panukalang-Batas 9-176 – Pandistritong Pangangalaga ng Lupa at Tubig ng Deschutes (Deschutes Soil and Water Conservation District)

Magtatag ng Permanenteng Limitasyon sa Antas ng Buwis

Tanong: Dapat bang pahintulutan ang Distrito na magpataw ng \$0.06 kada \$1000 ng tinasang halaga bilang permanenteng limitasyon sa antas simula 2025-2026?

Buod: Pinaglilingkuran ng Pandistritong Pangangalaga ng Lupa at Tubig ng Deschutes (Deschutes Soil and Water Conservation District) ang buong Deschutes County. Ang mga serbisyo ng Distrito ay nagtataguyod ng mga boluntaryong pagsisikap para makatipid ng tubig, protektahan ang suplay ng tubig na maiinom, mapabuti ang kalusugan ng lupa para sa mga lokal na sakahan at agrikultura, suportahan ang kalagayan ng kagubatan, bawasan ang panganib ng malaki't mapaminsalang sunog, isulong ang pangangalaga ng tirahan ng mga isda/buhay-ilang, kontrolin ang mga mapanirang damong ligaw, ipanumbalik ang mga sapa, at pangalagaan ang mga natural na lugar at luntiang espasyo. Ang Distrito ay hindi gumagawa o nagpapatupad ng mga regulasyon. Kasalukuyang pinopondohan ang Distrito sa pamamagitan ng mga panandaliang kaloob. Nagsagawa ang Distrito ng masusing pagsusuri ng mga pangangailangang likas na yaman at hinihiling sa mga botante na aprubahan ang isang permanenteng limitasyon sa antas kung saan ang pinakamataas na halaga na maaaring ipataw na buwis ng Distrito ay \$0.06 kada \$1000 ng tinasang halaga. Ayon sa batas, hindi maaaring itaas ang antas na ito. Kung magpapataw ng pinakamataas na halaga ng buwis, aabutin ito ng hindi hihigit sa \$14.28 kada taon para sa isang tinasang katamtamang halaga ng ari-arian na nasa \$238,000. Ang malilikom na kita ay magbibigay-daan sa Distrito upang maglaan ng edukasyon, teknikal na tulong, at pondohan ang mga pagsisikap ukol sa konserbasyon sa pamamagitan ng mga proyekto para sa mga komunidad sa lungsod at lalawigan, magsasaka, manggugubat, negosyo, paaralan, at ahensya. Ang mga ulat sa pananalapi ng distrito ay ina-awdit taun-taon at maaakses ng publiko.

Pagpapaliwanag na Pahayag

Itinatag ang Pandistritong Pangangalaga ng Lupa at Tubig ng Deschutes (Deschutes Soil and Water Conservation District) noong 1947 para protektahan at palaguin ang mga likas na yaman sa Deschutes County. Buong county ang lawak ng Distrito. Naglalaan ang Distrito ng edukasyon, teknikal na tulong, at pagpopondo ng proyekto sa mga lokal na may-ari ng lupa at komunidad patungkol sa kung paano protektahan at

pangalagaan ang ating malinis na tubig, panatilihin ang lupa at kagubatan, bawasan ang panganib ng malaki't mapaminsalang sunog, protektahan ang mga isda at buhay-ilang, bawasan ang mga mapanirang damong ligaw, protektahan ang mga sakahan, at palaguin ang mga taniman sa lungsod at luntiang espasyo para sa lahat ng residente. Pinoprotektahan ng gawain ng Distrito sa mga panlalawigang lugar ang mga daanang tubig na dumadaloy sa lungsod at arabal ng Deschutes County. Sa ngayon, ang Distrito ay pangunahin nang nakipagtulungan sa mga residente sa lalawigan at mga lokal na magsasaka. Madalas na nakikipagtulungan ang Distrito sa mga lokal, pang-estado, at pederal na organisasyon upang magsagawa ng mga proyektong mahalaga sa kapaligiran at ekonomiya ng Deschutes County. Sa kasalukuyan, ang tanging pinagmumulan ng kita ng Distrito ay mga panandaliang kaloob o kasunduan.

Sa nakalipas na mga taon, nakaranas ang Distrito ng pagtaas sa paghiling ng mga serbisyo na higit sa kayang itulong ng Distrito. Simula noong Disyembre 2023, nagsagawa ang Distrito ng mga sesyon para sa pakikinig sa mga stakeholder ng county pati rin online at mga mail survey upang humingi ng impormasyon sa mga mamamayan kung saan dapat mamuhunan ang Distrito. Nagpahayag ng matinding kahilingan ang komunidad na pag-ibayuhin ng Distrito ang mga pagsisikap nito para sa kontroladong pangangasiwa ng tubig ng County, mga lupang ginagamit at bakanteng lugar, dagdagan ang trabaho sa mga lugar sa lalawigan at pang-agrikultura, magbigay ng teknikal na tulong sa mga may-ari ng pribadong kagubatan/kakahuyan, at palawigin ang mga serbisyo sa mga lugar sa lungsod. Kinakailangan ang matatag na pagpopondo upang maisagawa ang mga mahahalagang pangunahing tungkulin at matugunan ang mga hinihiling na serbisyo.

Naghanda ang Distrito ng isang estratehikong plano na isinasama ang mga kahilingang ito ng mga katuwang at mamamayan (makikita sa website nito) na nagpapaliwanag kung paano nito nilalayong matugunan ang mga pangangailangan at kung paano gagamitin ang iminungkahing kita.

- Protektahan ang malinis na tubig pang-inom at para sa isda at buhay-ilang.
- Hikayatin ang mga kasanayan sa mabuting pangangasiwa na makapipigil sa pagkakaroon ng mga pestisidyo at pataba sa suplay ng tubig natin.
- Turuan at magbigay ng teknikal at pinansiyal na tulong sa mga may-ari ng lupa hinggill sa mahusay na patubig at kung paano mabawasan ang paggamit ng tubig.
- Pagandahin ang kalusugan ng lupa sa pamamagitan ng pagkontrol sa erosyon, pagpuksa sa mga mapanirang damong ligaw, at pagprotekta laban sa nakapipinsalang tagtuyot.
- Makipagtulungan sa mga may-ari ng lupa sa lungsod, mga organisasyon ng komunidad, at pampublikong ahensya upang magtanim ng mga katutubong halaman na kayang mabuhay kahit tagtuyot sa mga lugar sa lungsod at isulong ang mga sakahan/hardin sa lungsod.
- Tulungan ang mga may-ari ng kakahuyan at pribadong kagubatan na mapabuti ang kalagayan ng kagubatan, protektahan ang kalidad ng tubig, bawasan ang

mga panganib sa sunog, at isulong ang pangangalaga ng tirahan ng mga isda at buhay-ilang.

- Turuan ang mga residente ng county, lalo na ang mga bata at kabataan, mga tagapagturo, at mga residenteng hindi nakatatanggap ng sapat na serbisyo, upang malaman nila ang tungkol sa konserbasyon, kalikasan, at paghahalaman.
- Suportahan ang mga lokal na magsasaka na nagbibigay ng sariwa, masustansya, abot-kayang pagkain at inumin.
- Isulong ang mas mainam na proteksyon para sa mga polinador.
- Suportahan ang mga pakikipagtulungan sa pederal, pang-estado, lokal, pampubliko, at non-profit na mga organisasyon sa Deschutes County.
- Makipagtulungan sa mga katuwang upang punan ang magkaparehong natukoy na mga kakulangan habang iniwasan ang pagkakaulit.

Lumalaki ang Deschutes County. Sa pagprotekta ng mga likas na yaman at pagtugon sa lumalaking pangangailangan sa mga serbisyo, kailanganag lumaki and Distrito kasabay ng mga pangangailangang ito. Ang iminungkahing permanenteng antas ng buwis ay magbibigay-daan sa Distrito upang palawakin ang teknikal at pinansiyal na tulong, pagpaplano sa konserbasyon, at edukasyon para sa mas maraming may-ari ng lupa sa lalawigan, mga may-ari ng kagubatan, at mga residente at komunidad sa lungsod.

Ang impormasyong ito ay ibinigay nina: Jeffrey Rola at James Warren, mga Co-Chair ng Lupon ng Mga Direktor, Pandistritong Pangangalaga ng Lupa at Tubig ng Deschutes (Deschutes Soil and Water Conservation District)

Panukalang-Batas 9-177 – Lungsod ng Redmond (City of Redmond)

Pagpapahayag ng opinyon sa pamamagitan ng pagboto hinggil sa pagpapahintulot sa mga bilihan ng marihuwana sa Lungsod.

Tanong: Dapat bang baguhin ng Lungsod ng Redmond (City of Redmond) ang Code ng Lungsod para pahintulutan ang mga bilihan ng marihuwana sa Lungsod?

Buod: Ang panukalang-batas na ito ay isang hindi paiiraling (non-binding) rekomendasyon sa Konseho ng Lungsod kung aamyendahan ba ang Code ng Lungsod para pahintulutan ang paglilisensya sa mga bilihan ng marihuwana sa loob ng hurisdiksyon ng Lungsod ng Redmond (City of Redmond).

Pinahihintulutan ng Batas ng Oregon ang pagmamay-ari, paggawa, at pagbebenta ng marihuwana ng/sa mga nasa hustong gulang, na sasailalim sa paglilisensya, regulasyon, at pagbubuwis ng estado. Gaya ng itinakda sa mga kasulatang batas at sa ilalim ng awtoridad ng pansariling pamamahala, nagagawang kontrolin ng Redmond ang mga aktibidad kaugnay ng marihuwana. Hindi pinahihintulutan ng kasalukuyang Code ng Lungsod ng Redmond ang pagbibigay ng mga lisensya ng negosyo sa mga bilihan ng marihuwana.

Kung maaprubahan, imumungkahi ng panukalang-batas sa Konseho ng Lungsod na amyendahan ang Code ng Lungsod para pahintulutan ang paglilisensya sa mga bilihan ng marihuwana at kontrolin ang mga bilihan ng marihuwana at iba pang mga uri ng negosyo ng marihuwana sa loob ng Lungsod. Kung maaprubahan, magagawa ng panukalang-batas na ito na maging kwalipikado ang Lungsod para makatanggap ng mga pamamahagi ng mga pang-estado at lokal na kita sa buwis sa marihuwana mula sa mga magtitingi ng marihuwana at mga negosyong may kinalaman sa marihuwana.

Pagpapaliwanag na Pahayag

Pinahihintulutan ng Panukalang-Batas sa Balota 91 ng Oregon, na isinabatas noong 2014, ang pagmamay-ari, paggawa, at pagbebenta ng marihuwana ng/sa mga nasa hustong gulang, na sasailalim sa paglilisensya, regulasyon, at pagbubuwis ng estado. Gaya ng itinakda sa mga kasulatang batas ng Oregon at sa ilalim ng awtoridad ng pansariling pamamahala, nagagawang kontrolin ng Redmond ang mga aktibidad kaugnay ng marihuwana.

Ang Komisyon sa Pagkontrol ng Alak sa Oregon (Oregon Liquor Control Commission) ay nagbibigay ng lisensya sa mga tagagawa, taga-proseso, komprador, at magtitingi ng marihuanang panlibang (recreational marijuana). Hindi pinahihintulutan ng kasalukuyang Code ng Lungsod ng Redmond ang pagbibigay ng mga lisensya ng negosyo sa anumang negosyong hindi sumusunod sa pederal, pang-estado, at lokal na mga batas. Ang pagtitingi ng marihuwana para ibenta ay hindi pinahihintulutan sa ilalim ng pederal na batas.

Kung maaprubahan, imumungkahi ng panukalang-batas sa Konseho ng Lungsod na amyendahan ang Code ng Lungsod para pahintulutan ang tingiang pagbebenta ng marihuwana, na sasailalim sa pinagtibay na mga regulasyon sa oras, lugar at paraan, na nagbibigay ng mga makatwirang lokal na pagkontrol sa mga negosyong nagbebenta ng marihuwana sa mga mamimili. Sa pangkalahatan, maaaring kabilang sa mga regulasyong ito ang paghihigpit sa mga bilihan ng marihuwana sa ilang sona, paglilimita sa mga oras ng pagpapatakbo, at pagtatatag ng mga mandatoryong distansya ng mga bilihan, mula sa mga paaralan, sentro para sa pangangalaga ng bata, at pasilidad sa paggamot.

Kung maaprubahan, magagawa ng panukalang-batas na ito na maging kwalipikado ang Lungsod para makatanggap ng mga pamamahagi ng mga kita ng estado sa buwis sa marihuwana gaya ng iniatas sa ilalim ng mga kasulatang batas ng Estado, at mga lokal na kita sa buwis sa marihuwana mula sa mga magtitingi ng marihuwana at mga negosyong may kinalaman sa marihuwana.

Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Kelly Morse, Recorder ng Lungsod ng Redmond (City of Redmond)/Opisyal ng Halalan

Panukalang-Batas 9-178 – Lungsod ng Redmond (City of Redmond)

Nagpapataw ng buwis ng munisipalidad sa mga produktong ibinebenta ng mga magtitingi ng marihuwana.

Tanong: Dapat bang magpataw ang Redmond ng tatlong porsyentong buwis sa pagbebenta ng mga produktong marihuwana ng mga magtitingi ng marihuwana sa loob ng hangganan ng Lungsod?

Buod: Pinahihintulutan ng batas ng estado ang konseho ng lungsod na magpatibay ng isang ordinansa na isasangguni sa mga botante ng Lungsod na magpapataw ng tatlong porsyentong buwis o bayad sa pagbebenta ng mga produktong marihuwana sa Lungsod ng isang lisensyadong magtitingi ng marihuwana.

Kung maaaprubahan ang panukalang-batas na ito, ang mga awtorisadong magtitingi ng marihuwana na nagbebenta ng mga produkto sa Lungsod ay sasailalim sa tatlong porsyentong buwis. Tungkulin ng magtitingi ng marihuwana ang pagkolekta at pagbabayad ng buwis sa lugar ng transaksyon (point of sale).

Pagpapaliwanag na Pahayag

Kung maaaprubahan ang panukalang-batas na ito, ang mga magtitingi ng marihuwana na nagpapatakbo sa loob ng Lungsod ay sasailalim sa buwis na hanggang tatlong porsyento sa mga produktong marihuwana na kanilang ibinebenta. Walang mga paghihigpit sa kung paano maaaring gamitin ng Lungsod ang mga kita na manggagaling sa buwis na ito.

Sa ilalim ng Panukalang-Batas 91, na pinagtibay ng mga botante ng Oregon noong Nobyembre 2014, na naka-codify sa ORS chapter 475C, kailangang lisensyahan ng Komisyon sa Pagkontrol ng Alak sa Oregon (Oregon Liquor Control Commission) ang tingiang pagbebenta ng marihuwanang panlibang (recreational marijuana). Itinakda ng ORS 475C.453 na ang konseho ng lungsod ay maaaring magpatibay ng isang ordinansang magpapataw ng hanggang tatlong porsyentong buwis sa pagbebenta ng mga produktong marihuwana (na kinabibilangan ng mga concentrate, extract, edibles na marihuwana, at iba pang produktong inilaan para sa pagkonsumo at paggamit ng tao) ng mga lisensyadong magtitingi sa lungsod, ngunit kailangang isangguni ng konseho ang ordinansang iyon sa mga botante sa isang pangkalahatang halalan sa buong estado.

Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Redmond (City of Redmond city council) ang isang ordinansa na magpapataw ng hanggang tatlong porsyentong buwis sa mga bagay na may kaugnayan sa marihuwana na ibinebenta ng mga linsensyadong magtitingi sa lungsod, at dahil dito, isinasangguni ang panukalang-batas na ito sa mga botante.

Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Kelly Morse, Recorder ng Lungsod ng Redmond (City of Redmond)/Opisyal ng Halalan

Panukalang-Batas 9-179 – Lungsod ng Redmond (City of Redmond)

PAGDEKLARA NG DALAWANG TAONG MORATORYUM SA MGA SERVICE CENTER KAUGNAY NG PSILOCYBIN

Tanong: Dapat bang palawigin ng Lungsod ng Redmond (City of Redmond) ang dalawang taong moratoryum sa mga service center kaugnay ng psilocybin sa loob ng Lungsod ng Redmond (City of Redmond)?

Buod: Pinahihintulutan ng batas ng estado ang lisensyadong pamamahagi at pagtataglay ng psilocybin at psilocin. Maaaring pagtibayin ng konseho ng lungsod ang isang ordinansa na isasangguni sa mga botante para sa isang moratoryum sa pagtatatag ng rehistrado o lisensyadong gawaing ito. Isang panukalang-batas sa balota para sa dalawang taong moratoryum sa mga service center kaugnay ng psilocybin ang inaprubahan ng Lungsod ng Redmond (City of Redmond) noong 2024?

Kung maaprubahan, ipagbabawal ng panukalang-batas na ito ang pagtatatag ng mga operator ng service center kaugnay ng psilocybin sa lugar na sakop ng hurisdiksyon ng Lungsod ng Redmond (City of Redmond) nang dalawa pang karagdagang taon. Ipatutupad ang pagbabawal sa Enero 1, 2025 at awtomatikong magtatapos sa Disyembre 31, 2026.

Kung hindi maaprubahan, ang mga service center kaugnay ng psilocybin ay pahihintulutang magpatakbo sa loob ng lugar na napapailalim sa hurisdiksyon ng Lungsod ng Redmond (City of Redmond), alinsunod sa mga regulasyon sa oras, lugar, at paraan, simula Enero 1, 2025.

Pagpapaliwanag na Pahayag

Ang pag-apruba sa panukalang-batas na ito ay magbabawal sa pagtatatag ng mga service center kaugnay ng psilocybin sa loob ng Lungsod ng Redmond (City of Redmond) nang dalawang taon.

Maaaring pagtibayin ng konseho ng lungsod ang isang ordinansang nagbabawal sa pagtatatag ng mga negosyong may kinalaman sa psilocybin sa loob ng lungsod, ngunit kailangang isangguni ng konseho ang ordinansa sa mga botante sa isang pangkalahatang halalan sa buong estado. Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Redmond (City of Redmond City Council) ang ordinansang nagbabawal sa pagtatatag

ng mga service center kaugnay ng psilocybin sa loob ng Lungsod ng Redmond (City of Redmond) nang dalawang taon at dahil dito, isinasangguni ang panukalang-batas na ito sa mga botante.

Nauna nang inaprubahan ng mga botante ang dalawang taong moratoryum sa pagtatatag ng mga negosyong may kinalaman sa psilocybin sa loob ng lungsod, na magtatapos sa Disyembre 31, 2024.

Kung maaprubahan, palalawigin ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang pagbabawal sa pagtatatag ng mga service center kaugnay ng psilocybin sa loob ng Lungsod ng Redmond (City of Redmond) hanggang Disyembre 31, 2026.

Kung hindi maaprubahan ang panukalang-batas na ito, magsisimulang tumanggap ang Awtoridad Pangkalusugan ng Oregon (Oregon Health Authority) ng mga aplikasyon para sa pagtatatag ng mga service center kaugnay ng psilocybin sa Lungsod ng Redmond (City of Redmond) simula Enero, 2025.

Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Kelly Morse, Recorder ng Lungsod ng Redmond (City of Redmond)/Opisyal ng Halalan